

Mga Batayang Patakaran ng United Nations sa Pagtrato sa mga Nakabilanggo

(ang Nelson Mandela Rules)

Mga Batayang Patakaran ng United Nations sa Pagtrato sa mga Nakabilanggo (ang Nelson Mandela Rules)

Disclaimer: Ang publikasyong ito ay base sa orihinal na UNODC document. Hindi maituturing na opisyal ang pagsasalin na ito at hindi nito layunin na palitan, halilihan, palawigin o pakitirin ang mga tunay na layunin ng mga nag-akda na nakatakda sa ilalim ng Nelson Mandela Rules.

Nai-translate at nai-lathala sa suporta ng International Committee of the Red Cross (ICRC).

Talaan ng nilalaman

Paunang Obserbasyon 1-4	1
I. Mga Patakarang Magagamit sa Pangkalahatan	2
Mga Pangunahing Prinsipyo	2
Rule 1-5	
Pangangasiwa sa file ng mga nakabilanggo	4
Rule 6-10	
Paghihiwalay ng categories	5
Rule 11	
Akomodasyon	6
Rule 12-17	
Personal na kalinisan	7
Rule 18	
Kasuotan at higaan	7
Rule 19-21	
Pagkain	8
Rule 22	
Ehersisyo at mga palakasan	8
Rule 23	
Health-care services	8
Rule 24-35	
Mga restriksiyon, pagdidisiplina at parusa	12
Rule 36-46	
Mga kasangkapang pumipigil sa paggalaw	16
Rule 47-49	
Inspeksiyon sa mga nakabilanggo at selda	17
Rule 50-53	
Impormasyon sa at mga reklamo ng mga nakabilanggo	18
Rule 54-57	
Pakikipag-ugnay sa mundo sa labas ng bilanguan	19
Rule 58-63	
Mga aklat	21
Rule 64	
Relihiyon	21
Rule 65-66	
Pagtatabi sa pag-aari ng mga nakabilanggo	22
Rule 67	

Mga abiso	22
Rule 68-70	
Mga imbestigasyon	23
Rule 71-72	
Pag-alis ng mga nakabilanggo	24
Rule 73	
Institutional personnel	24
Rule 74-82	
Panloob at panlabas na mga inspeksiyon	27
Rule 83-85	
II. Mga Patakarang Maipatutupad sa Special Categories	28
A. Mga nasentensiyahang nakabilanggo	28
Guiding principles	28
Rule 86-90	
Pagtrato	30
Rule 91-92	
Klasipikasyon at indibiduwalisasyon	31
Rule 93-94	
Mga pribilehiyo	31
Rule 95	
Trabaho	31
Rule 96-103	
Edukasyon at paglilibang	33
Rule 104-105	
Social relations at pangangalaga matapos makalaya	34
Rule 106-108	
B. Mga nakabilanggong may mental disabilities at/o health conditions	34
Rule 109-110	
C. Mga nakabilanggong inaresto o naghihintay ng paglilitis	35
Rule 111-120	
D. Mga nakabilanggong sibil	37
Rule 121	
E. Mga taong inaresto o ikinulong nang walang paratang	37
Rule 122	

Mga Batayang Patakaran ng United Nations sa Pagtrato sa mga Nakabilanggo (ang Nelson Mandela Rules)¹

Paunang obserbasyon 1

Ang mga sumusunod na rules o patakaran ay hindi ginawa upang detalyadong ilarawan ang model system ng penal institutions. Layon lamang ng mga itong ilahad batay sa general consensus ng kontemporaryong kaisipan; at sa mahahalagang elements ng mga pinakasapat na sistema sa kasalukuyan tungkol sa kung ano ang tanggap ng karamihan bilang good principles at practice sa pagtrato sa mga nakabilanggo at sa prison management.

Paunang obserbasyon 2

1. Dahil sa malaking pagkakaiba ng legal, social, economic, at geographical conditions sa mundo, malinaw na hindi lahat ng rules ay magagamit sa lahat ng lugar at sa lahat ng panahon. Gayon man, dapat mapasigla nito ang patuloy na pagsisikap na malampasan ang mga praktikal na problema sa paggamit; dahil may pag-unawang kinakatawan ng mga patakarang ito ang minimum conditions na kinikilalang angkop ng United Nations.
2. Sa kabilang banda, sakop ng mga patakarang ito ang isang patuloy na lumalawak na paksa. Hindi nito pakay pigilan ang anumang experiment at practices basta't tugma sa mga prinsipyo at naghahangad na isulong ang pangkalahatang layunin ng rules sa kabuuan. Laging magiging makatuwiran para sa central prison administration na payagan ang paglihis sa mga patakarang ito basta't naaayon sa nasabing mga prinsipyo.

Paunang obserbasyon 3

1. Sa Part 1 ng rules tatalakayin ang general management ng mga bilangguan; at magagamit ito sa lahat ng categories ng mga nakabilanggo, kriminal man o sibil, hindi pa man nalilitis o nahatulan na, kabilang ang mga nakabilangong dapat sumailalim sa “security measures” o corrective measures na iniutos ng hukom.

2. Nasa Part II ang rules na magagamit lamang sa special categories sa bawat section. Gayon man, ang mga patakaran sa ilalim ng section A na magagamit sa mga nasentensiyahang nakabilanggo ay dapat ding ipatupad sa categories ng nakabilanggo sa sections B, C, at D. Kailangan lang na ang mga patakarang ito ay hindi taliwas sa categories at para talaga sa ikabubuti ng mga nakabilanggo.

Paunang obserbasyon 4

1. Hindi hangad ng rules na i-regulate ang pamamahala ng mga institusyon para sa kabataan, tulad ng juvenile detention facilities o kaya'y correctional schools. Ngunit sa pangkalahatan, magagamit din ang Part I sa mga ganitong institusyon.
2. Kailangang kasama sa category ng young prisoners ang lahat ng kabataang nasa jurisdiction ng juvenile courts. Bilang rule, ang mga kabataang ito ay hindi dapat masentensiyahan ng pagkabilanggo.

I. MGA PATAKARANG MAGAGAMIT SA PANGKALAHATAN

Mga pangunahing prinsipyo

Rule 1

Ang lahat ng nakabilanggo ay dapat tratuhin nang may respeto bilang mga taong may likas na dignidad at halaga. Walang nakabilanggo ang isasailalim sa torture at iba pang mga pagtrato at parusang malupit, hindi makatao, at nakabababa ng dangal; at hindi ito magiging makatuwiran anuman ang sitwasyon. Dapat tiyakin ang kaligtasan at seguridad ng mga nakabilanggo, staff, service providers, at mga bisita sa lahat ng pagkakataon.

Rule 2

1. Ang mga kasulukuyang patakaran ay dapat ipatupad nang walang kinikilingan. Dapat ay walang diskriminasyon batay sa lahi, kulay ng balat, kasarian, wika, relihiyon, politikal o anumang opinyon, pinagmulang bansa o lipunan, ari-arian, kapanganakan o anumang estado. Dapat irespeto ang mga paniniwalang panrelihiyon at moral na pamantayan ng mga nakabilanggo.

¹ UN General Assembly resolution 70/175, annex, pinagtibay noong 17 Disyembre 2015.

- Upang maisagawa ang mga prinsipyo ng non-discrimination, kailangang isaalang-alang ng prison administrations ang individual needs ng mga nakabilanggo, partikular sa mga nasa vulnerable categories o mas mapanganib na kalagayan sa bilangguan. Kailangan ng mga hakbang na poprotekta at magtataguyod sa karapatan ng mga nakabilanggong may special needs at hindi ito dapat ituring na diskriminasyon.

Rule 3

Maituturingnakaparusahanangpagbilanggoatibapanggawaingnaghihiwalay sa tao mula sa mundong nasa labas ng bilangguan. Ito ay dahil inaalisang nakabilanggo ng karapatan sa sarili nitong pagpapasya sa pamamagitan ng pagkakait ng kanyang kalayaan. Samakatuwid, hindi na dapat ito palubhain ng prison system, maliban na lamang kung ang separasyon ay nararapat upang mapanatili ang seguridad at disiplina sa bilangguan.

Rule 4

- Ang pangunahing layunin ng sentensiya ng pagkabilanggo o mga katulad na parusang nagkakait ng kalayaan sa tao ay ang protektahan ang lipunan laban sa krimen, gayon din ang bawasan ang recidivism o ang pagbalik ng mga nabilanggo sa masamang gawain. Makakamit lamang ang mga naturang layunin kung ginagamit ang panahon ng pagkabilanggo upang matiyak hangga't maaari na muli silang makabalik sa lipunan matapos lumaya. Ito ay upang maitaguyod nila ang kanilang sarili at makapamuhay sila nang naaayon sa batas.
- Upang makamit ang nasabing layunin, ang prison administrations at iba pang competent authorities ay dapat mag-alok ng edukasyon, vocational training, at trabaho; pati na rin ng iba pang uri ng nararapat na tulong para sa mga nakabilanggo. Kabilang na rito ang remedial, moral, spiritual, social, health-based at sports-based assistance. Dapat ipaabot ang ganitong mga programa, aktibidad, at serbisyo batay sa individual treatment needs ng mga nakabilanggo.

Rule 5

- Dapat sikapin ng prison administration na bawasan ang anumang pagkakaiba ng buhay sa bilangguan at buhay sa laya na maaaring magpababa sa responsibilidad ng mga nakabilanggo o sa respetong nararapat sa kanila bilang tao.
- Dapat maglaan ang prison administration ng naaangkop na akomodasyon at modipikasyon para sa mga nakabilanggong may physical, mental, o iba pang disabilities. Ito ay upang matiyak na buo at epektibo nilang nararanasan ang disentang buhay sa bilangguan.

Pangangasiwa sa file ng mga nakabilanggo

Rule 6

Dapat ay may pamantayang prisoner file management system sa bawat lugar kung saan may mga nakabilanggo. Maaaring ito ay isang electronic database ng records o registration book na may numero at pirma ang mga pahina. Kailangan ng mga ganitong pamamaraan upang masiguro ang ligtas na audit trail at maiwasan ang unauthorized access o pagbabago ng anumang impormasyon sa system.

Rule 7

Walang sinuman ang tatanggapin sa isang bilangguan nang walang commitment order na valid o may bisa. Dapat ipasok sa prisoner file management system ang mga sumusunod na impormasyon tungkol sa bawat ibibilanggo bago ito tanggapin:

- Tumpak na impormasyong magtutukoy sa natatangi nitong pagkakakilanlan, at nagbibigay respeto sa pinili nitong kasarian;
- Ang mga dahilan ng pagkabilanggo at ang awtoridad na may hawak dito; bukod pa sa petsa, oras, at lugar ng pag-aresto;
- Ang araw at oras ng pagpasok at paglaya nito, pati na rin ang anumang paglipat;
- Anumang injury nito sa katawan at reklamo sa naranasang pagmamaltrato;
- Ang imbentaryo ng mga personal nitong ari-arian;
- Ang pangalan ng mga miyembro ng pamilya nito, kabilang ang mga anak kung mayroon; at ang mga edad, lokasyon, at nangangalaga sa mga ito;
- Ang detalye ng emergency contact nito at impormasyon sa pinakamalapit na kaanak.

Rule 8

Dapat ilagay ang mga sumusunod na impormasyon sa prisoner file management system ng mga nakabilanggo kung kailan ito naaangkop:

- Impormasyong may kinalaman sa judicial process, kabilang ang mga petsa ng pagdinig sa korte at legal na kinatawan nito;
- Mga initial assessment at classification reports ng nakabilanggo;
- Impormasyong nauugnay sa pag-uugali at disiplina ng nakabilanggo;
- Mga kahilingan at reklamo ng nakabilanggo, kabilang ang mga sumbong na pag-torture o iba pang pagtrato o parusang malupit, hindi makatao, o mapang-alipusta; maliban na lamang kung confidential ang mga ito;

- [e] Impormasyon sa pagpatawng disciplinary sanctions sa nakabilanggo;
- [f] Impormasyon ukol sa dahilan ng anumang injury o pagkamatay ng nakabilanggo; at kung binawian ito ng buhay ay kung saan dadalhin ang bangkay nito.

Rule 9

Ang lahat ng records na tinukoy sa mga patakaran 7 at 8 ay pananatilihing confidential at ibabahagi lamang sa mga taong may propesyonal na responsibilidad na gamitin iyon. Bibigyan ng access ang bawat nakabilanggo sa kanilang sariling record, na maaaring sumailalim sa redactions o pagtanggap ng sensitibong impormasyon alinsunod sa batas; at makatatanggap sila ng opisyal na kopya nito sa kanilang paglaya.

Rule 10

Gagamitin din ang prisoner file management systems sa pagkuha ng maaasahang datos tungkol sa mga kalakaran at katangian ng mga nakabilanggo, kabilang ang dami nila sa bilangguan, na magsisilbing batayan sa mga gagawing desisyon.

Paghihiwalay ng categories

Rule 11

Ang mga nakabilanggo na nasa iba't ibang categories ay paghihiwa-hiwalayin sa magkakaibang institusyon o samagkakabukod na bahagi nito. Ang tinitingan dito ay ang kasarian, edad, criminal record, legal na dahilan ng detensiyon at ng pagtratong nararapat sa nakabilanggo batay rito. Kaya naman:

- [a] Ang mga lalaki at babae ay ilalagay sa magkahiwalay na institusyon hangga't maaari; at kung ang institusyon ay tumatanggap ng parehong lalaki at babae, dapat ay maglalaan ng nakabukod na lugar na para lamang sa kababaihan;
- [b] Ang mga nakabilanggong hindi pa nalilitis ay ihihiwalay sa mga nakabilanggong nahatulan na;
- [c] Ang mga nabilanggo nang dahil sa pagkakautang at iba pang kasong sibil ay ihihiwalay sa mga nabilanggo nang dahil sa krimen;
- [d] Ang mga menor-de-edad sa bilangguan ay ihihiwalay sa mga nakabilanggong nasa hustong gulang.

Akomodasyon

Rule 12

1. Kung ang lugar na tulugan ay nasa indibidwal na mga selda o silid, magkakaroon ng sariling selda o silid sa gabi ang bawat nakabilanggo. Kailanganin man ng central prison administration na tumaliwas sa patakarang ito dahil sa natatanging dahilan gaya ng temporary overcrowding, hindi pa rin kanais-nais na nasa iisang selda o silid ang dalawang nakabilanggo.
2. Kung mga dormitoryo ang ginagamit na tulugan, maingat na pipili ng mga nakabilanggong bagay makihalubilo sa isa't isa sa naturang kondisyon. Magkakaroon ng regular na pagbabantay sa gabi, batay sa uri ng bilangguan.

Rule 13

Ang lahat ng akomodasyong inilaan para sa mga nakabilanggo, partikular sa lahat ng lugar na tulugan ay susunod sa lahat ng pamantayan ng kalusugan, at binigyang konsiderasyon ang klima, hangin, lawak ng lugar, ilaw, init, at bentilasyon.

Rule 14

Sa lahat ng lugar kung saan kailangang manirahan o magtrabaho ang mga nakabilanggo:

- [a] Kailangang ang mga bintana ay may tamang laki upang makapagbasa o makapagtrabaho ang mga nakabilanggo nang may natural light (liwanag mula sa araw), at may sariwang hangin, may artificial ventilation man o wala;
- [b] Kailangang may sapat na artificial light upang makapagbasa o makapagtrabaho ang mga nakabilanggo nang hindi nasisira ang kanilang paningin.

Rule 15

Kailangan ng sapat na sanitary installations o palikuran upang makaihi at makadumi ang bawat nakabilanggo sa malinis at disentang paraan.

Rule 16

Dapat maglaan ng sapat na facilities upang makaligo, at maaaring atasang maligo ang bawat nakabilanggo sa temperaturang naaangkop sa klima, gaano man kadalas ang kinakailangan para sa general hygiene ayon sa season at geographical region, ngunit hindi mas madalang sa isang beses bawat linggo sa katamtamang klima.

Rule 17

Dapat na mapanatiling maayos at malinis ang lahat ng bahagi ng bilangguan na kalimitang ginagamit ng mga nakabilanggo sa lahat ng oras.

Personal na kalinisan**Rule 18**

1. Dapat atasan ang mga nakabilanggo na panatilihing malinis ang kanilang mga sarili, at para sa layuning ito ay dapat mabigyan sila ng tubig at mga gamit sa banyo na kinakailangan para sa kalusugan at kalinisan.
2. Upang mapanatili ng mga nakabilanggo ang maayos na hitsura na siyang maitutugma sa kanilang respeto sa sarili, dapat ay maglaan ng mga pasilidad para sa tamang pangangalaga ng buhok at bigote, at dapat regular na makapag-ahit ang kalalakihan.

Kasuotan at higaaan**Rule 19**

1. Bawat nakabilanggo na hindi pinahihintulutang gamitin ang sariling kasuotan ay dapat bigyan ng kasuotang naaangkop sa klima at sapat para manatili siya sa mabuting kalusugan. Dapat hindi nakakababa ng pagkatao o nakahihiya ang kasuotang ito.
2. Dapat panatilihing malinis at nasa maayos na kondisyon ang lahat ng kasuotan. Dapat pinapalitan at nilalabhan ang panloob na kasuotan kung ilang beses man ang kinakailangan para mapanatili ang kalinisan.
3. Sa hindi pangkaraniwang sitwasyon, sa tuwing inilalabas ang nakabilanggo para sa awtorisadong layunin, dapat pahintulutan siyang magsuot ng kanyang sariling kasuotan o iba pang hindi kapansin-pansin na kasuotan.

Rule 20

Kung pinahihintulutan ang mga nakabilanggo na gamitin ang kanilang sariling kasuotan, dapat sa araw ng admission nila sa bilangguan ay may arrangement na para matiyak na malinis at angkop itong gamitin.

Rule 21

Alinsunod sa mga lokal o pambansang pamantayan, dapat mabigyan ang bawat nakabilanggo ng hiwalay na kama at hiwalay at sapat na unan, punda, at kumot na dapat ay malinis kapag ibinigay, pinapanatiling maayos, at pinapalitan nang madalas para matiyak ang kalinisan nito.

Pagkain**Rule 22**

1. Dapat bigyan ng prison administration ang bawat nakabilanggo ng masustansiyang pagkain sa tamang oras at siguruhing ito ay sapat para sa kanilang kalusugan at kalakasan; may kaaya-ayang kalidad at maayos na inihanda at inihain.
2. Dapat may tubig na maiinom para sa bawat nakabilanggo kapag kailangan niya ito.

Ehersisyo at mga palakasan**Rule 23**

1. Ang bawat nakabilanggo na hindi nagtatrabaho sa labas ay dapat magsagawa ng angkop na ehersisyo sa labas nang hindi bababa sa isang oras kada araw kung pinahihintulutan ng lagay ng panahon.
2. Dapat makatanggap ng physical at recreational training tuwing oras ng pageehersisyo ang mga menor-de-edad, at iba pang nakabilanggong nasa angkop na edad at pangangatawan. Upang mangyari ito, kailangan maglaan ng lugar, pasilidad, at kagamitan.

Health-care services**Rule 24**

1. Responsibilidad ng Estado na magbigay ng health care para sa mga nakabilanggo. Dapat matanggap ng mga nakabilanggo ang parehong pamantayan sa health care na mayroon ang komunidad, at dapat magkaroon sila ng access sa mga kinakailangang health-care services nang libre at walang diskriminasyon dahil sa kanilang legal na estado.
2. Dapat organisado ang health-care services nang naaayon sa general public health administration at sa paraan kung saan matitiyak ang tuloy-tuloy na treatment at pangangalaga, kabilang ang para sa HIV, tuberkulosis, at iba pang nakahahawang sakit, pati na rin ang drug dependence.

Rule 25

1. Sa bawat bilangguan ay dapat ay may health-care service na inaatasang sumuri, magtaguyod, magprotekta, at magpabuti sa physical at mental health ng mga nakabilanggo, kung saan binibigyan ng natatanging pansin ang mga nakabilanggo na may mga espesyal na health-care needs o iyong may mga isyu sa kalusugan na humahadlang sa kanilang rehabilitasyon.

2. Ang health-care service ay dapat binubuo ng isang pangkat mula sa iba't ibang disiplina na may sapat at qualified personnel na may ganap na kakayahan at kasarinlan sa treatment at may sapat na specialization sa psychiatry at psychology. Dapat ay may access ang bawat nakabilanggo sa mga serbisyo ng isang qualified dentist.

Rule 26

1. Dapat maghanda at magpanatili ang health-care service nang tama, napapanahon, at confidential na medical files sa bawat indibiduwal na nakabilanggo, at dapat mabigyan ang lahat ng nakabilanggo ng access sa kanilang files kapag kanilang nais. Maaaring magtalaga ang isang nakabilanggo ng third party upang mag-access ng kanyang medical record.
2. Dapat ilipat ang medical files sa health-care service ng lilipatang institusyon kapag inilipat ang isang nakabilanggo at dapat ay nasasaklaw ito ng polisiya sa medical confidentiality.

Rule 27

1. Dapat tiyakin ng lahat ng bilangguan ang maagap na access sa medical attention para sa mga urgent na sitwasyon. Dapat mailipat ang mga nakabilanggong nangangailangan ng specialized treatment o surgery sa specialized institutions o civil hospitals. Kung may mga sariling pasilidad pang-ospital ang serbisyo ng bilangguan, dapat may sapat na staff at kagamitan ang mga ito para mabigyan ang mga nakabilanggong idinudulog sa kanila ng angkop na treatment at pangangalaga.
2. Tanging ang responsableng health-care professionals lamang ang maaaring gumawa ng mga klinikal na desisyon at hindi ito maaaring salungatin o balewalain ng mga non-medical prison staff.

Rule 28

Sa mga bilangguang pambabae, dapat may espesyal na akomodasyon para sa lahat ng kinakailangang pangangalaga at paggamot habang nagbubuntis at pagkatapos ng panganganak. Dapat isagawa ang mga paghahanda kung saan mang ospital na nasa labas ng bilangguan posible maganap ang panganganak. Kung ipinanganak ang bata sa bilangguan, dapat hindi babanggitin ang katotohanang ito sa sertipiko ng kapanganakan.

Rule 29

1. Dapat nakabatay sa labis na ikabubuti ng kapakanan ng bata ang desisyon na pahintulutan itong manatili sa piling ng kanyang magulang sa bilangguan. Kung pinahihintulutan ang mga bata na manatili sa bilangguan kasama ang isang magulang, dapat ay matugunan ang mga sumusunod:

- [a] Internal o external childcare facilities na may qualified staff, kung saan dapat dalhin ang mga bata kapag wala sila sa pangangalaga ng kanilang magulang;
- [b] Health-care services na partikular sa mga bata, kabilang ang mga pagsusuri sa kalusugan pagpasok sa bilangguan at patuloy na pagsusubaybay ng mga espesyalista sa kanilang paglaki.

2. Kailanma'y hindi dapat ituring na mga nakabilanggo ang mga batang nasa bilangguan kasama ang kanilang magulang.

Rule 30

Dapat kaagad tingnan, kausapin, at suriin ng isang doktor o iba pang qualified health-care professionals ang bawat nakabilanggo sa pagpasok nila sa kulungan at kung kailan nila kinakailangan, inatasan man silang mag-report sa doktor o hindi. Dapat bigyan ng natatanging pansin ang:

- [a] Pagtukoy sa health-care needs at paggawa ng lahat ng hakbang na kailangan para sa treatment;
- [b] Pagtukoy sa anumang hindi magandang pagtrato na naranasan ng mga dumarating na nakabilanggo bago sila pumasok;
- [c] Pagtukoy sa anumang mga senyales ng psychological o iba pang stress na dulot ng pagkakabilanggo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, panganib na isagawa ang pagpapakamatay o pananakit sa sarili at mga sintomas ng withdrawal na dulot ng paggamit ng mga droga, gamot, o alak; at pagsasagawa ng lahat ng naaangkop na hakbang o paggamot para sa bawat indibiduwal;
- [d] Sa mga kaso kung saan hinihinalang may mga nakahahawang sakit ang mga nakabilanggo, ang pagsasagawa ng clinical isolation at sapat na treatment para sa mga nakabilanggo sa panahon na nakakahawa ang impeksiyon;
- [e] Pagtukoy kung sapat ba ang kalakasan ng katawan ng mga nakabilanggo para magtrabaho, mag-ehersisyo at makilahok sa iba pang mga aktibidad, kung nararapat.

Rule 31

Dapat ay may araw-araw na access ang doktor o iba pang qualified health-care professionals sa lahat ng nakabilanggong nagrereklamo tungkol sa physical at mental health issues o injury sa katawan at sa sinumang nakabilanggo na nangangailangan ng kanilang natatanging atensiyon. Dapat isagawa ang lahat ng medical examinations nang may full confidentiality.

Rule 32

1. Ang relasyon sa pagitan ng doktor o iba pang health-care professionals at ng mga nakabilanggo ay dapat katulad sa ethical at professional standards na naaayon sa mga pasyente sa komunidad, partikular na ang:
 - [a] Tungkuling protektahan ang physical at mental health ng mga nakabilanggo at ang pag-iwas at treatment sa karamdaman batay lamang sa clinical grounds;
 - [b] Pagsunod sa autonomiya ng mga nakabilanggo kaugnay sa kanilang sariling kalusugan at may kaalamang pahintulot sa pagitan ng doktor at pasyente;
 - [c] Confidentiality ng medical information, maliban kung hahantong ang pagpapanatili sa naturang confidentiality sa tunay at napipintong panganib sa pasyente o sa ibang tao;
 - [d] Lubos na pagbabawal sa pakikibahagi, bilang tagagawa man o tagamasid, sa mga gawaing maaaring ituring na torture o iba pang malupit, hindi makatao, o nakakababa ng pagkatao na pagtrato, kabilang ang medical o scientific experimentation na maaaring makasama sa kalusugan ng nakabilanggo, gaya ng pagtatanggal ng mga selula, tisyu, o organ sa katawan ng nakabilanggo.
2. Nang hindi naapektuhan ang talata 1 [d] ng patakarang ito, at kapag mayroon silang boluntaryo at may kaalamang pahintulot na alinsunod sa naaangkop na batas, maaaring makilahok ang mga nakabilanggo sa mga clinical trial at iba pang health research na maaaring masasali sa komunidad kung inaasahang makapagdudulot ito ng direkta at malaking pakinabang sa kanilang kalusugan, at maaari din nilang ibigay na donasyon ang kanilang mga selula, tisyu, o organ sa katawan para sa isang kamag-anak.

Rule 33

Dapat i-report ng doktor sa prison director kung ipinagpapalagay niyang naapektuhan o maaapektuhan ang physical o mental health ng isang nakabilanggo dulot ng patuloy na pagkakabilanggo o ng anumang kondisyon ng pagkakabilanggo.

Rule 34

Kung mapansin ng health-care professionals, sa kanilang pagsusuri sa isang nakabilanggo sa pagpasok nito sa bilangguan o sa mga sumunod na pagbibigay dito ng medical care, ang anumang mga senyales ng torture o iba pang malupit, hindi makatao, o ang pagtrato o pagpaparusang nakakababa sa pagkatao, dapat nilang i-document at i-report ang mga naturang kaso sa naaangkop na medical, administrative, o judicial authority. Dapat sundin ang mga wastong pamamaraan ng pag-iingat upang hindi malantad ang nakabilanggo o ang mga kaugnay na tao sa mga maaaring panganib na pinsala sa hinaharap.

Rule 35

1. Dapat regular na mag-inspect at mag-advice ang doktor o competent public health body sa prison director tungkol sa:
 - [a] Dami, kalidad, paghahanda, at paghahain ng pagkain;
 - [b] Pagsulong sa hygiene at kalinisan ng institusyon at ng mga nakabilanggo;
 - [c] Sanitasyon, temperatura, ilaw, at bentilasyon ng bilangguan;
 - [d] Kaangkupan at kalinisan ng mga kasuotan at higaan ng mga nakabilanggo;
 - [e] Pagsunod sa mga patakaran hinggil sa physical education at sports, kung walang technical personnel na nangangasiwa sa mga aktibidad na ito.
2. Dapat isaalang-alang ng prison director ang advice at reports na ibinigay alinsunod sa talata 1 ng patakarang ito at sa patakaran 33, at dapat magsagawa ng mga agarang hakbang upang ipatupad ang advice at recommendations sa reports. Kung wala sa sakop ng kapangyarihan ng prison director ang advice o recommendations o kung hindi siya sumasang-ayon sa mga ito, dapat agad niyang isumite sa isang higher authority ang kanyang sariling report at ang advice o recommendations ng doktor o competent public health body.

Mga restriksiyon, pagdidisiplina, at parusa**Rule 36**

Pananatilihin ang disiplina at kaayusan nang hindi magpapatupad ng mga restriksiyon na labis sa kinakailangan. Ito ay upang masiguro ang ligtas na detensiyon, ang matiwasay na pagpapatakbo ng bilangguan, at ang maayos na pamumuhay sa komunidad.

Rule 37

Ang mga sumusunod ay laging mapapasailalim ng awtorisasyon ng batas o ng regulasyon ng competent administrative authority:

- [a] Asal na maituturing na paglabag sa disiplina;
- [b] Mga uri at tagal ng mga parusa na maaaring ipataw;
- [c] Ang competent authority na may kapangyarihang magpataw ng mga naturang parusa;
- [d] Anumang uri ng involuntary separation mula sa pangkalahatang populasyon ng bilangguan, gaya ng solitary confinement o pagkakakulong nang mag-isa, pagkakabukod, mga yunit ng espesyal na pangangalaga o restricted housing, bilang parusang pandisiplina o para sa pagpapanatili ng kaayusan at seguridad, kabilang ang pagpapatupad ng mga polisiya at pamamaraan na kumokontrol sa paggamit at pagrereview ng, pagpasok sa, at pagpapalabas mula sa anumang uri ng hindi kusang paghihiwalay.

Rule 38

1. Hinihikayat ang prison administrations na gamitin, hangga't maaari, ang anumang mekanismo upang mapigilan o mamagitan sa gulo, o ang iba pang alternatibong paraan ng paglutas ng pagtatalo upang maiwasan ang mga paglabag sa disiplina o maresolba ang mga pag-aaway.
2. Para sa mga nakabilanggo na kasalukuyang nakabukod, o dating nakabukod, dapat ay gawin ng prison administration ang mga kinakailangang hakbang upang pagaanin ang mga posibleng nakasasamang epekto ng pagkakakulong sa kanila at sa kanilang komunidad kasunod ng kanilang paglaya mula sa bilangguan.

Rule 39

1. Walang nakabilanggo ang dapat maparusahan maliban sa alinsunod sa mga takda ng batas o regulasyon na binanggit sa patakaran 37 at sa mga prinsipyo ng pagiging patas at pagsunod sa tamang proseso. Hindi kailanman dapat maparusahan ang isang nakabilanggo nang dalawang beses para sa parehong gawain o pagkakasala.
2. Dapat tiyakin ng prison administrations ang kaangkupan ng parusang pandisiplina sa pinarurusahang pagkakasala at dapat gumawa ang mga ito ng tamang talaan ng lahat ng ipinataw na parusang pandisiplina.
3. Bago magpataw ng mga parusang pandisiplina, dapat isaalang-alang ng prison administrations kung nakadagdag, at paano nakadagdag, ang sakit sa pag-iisip o developmental disability ng nakabilanggo sa kanyang pag-uugali at sa kanyang paggawa sa pagkakasala o sa kilos na pinarurusahan.

Hindi dapat parusahan ng prison administrations ang anumang pag-uugali ng isang nakabilanggo na itinuturing bilang direktang resulta ng kanyang mental illness o intellectual disability.

Rule 40

1. Walang sinumang nakabilanggo ang maaring gawing empleyado upang maglingkod sa bilangguan sa anumang pandisiplinang kadahilanan.
2. Gayunpaman, hindi makahahadlang ang patakaran ito sa tamang paggalaw ng mga sistema batay sa pansariling pamamahala, kung saan sa ilalim nito ay ipinagkakatiwala nang may superbisyon ang mga partikular na social, educational, o sports activities sa mga nakabilanggo na pinagpangkat-pangkat para sa treatment purposes.

Rule 41

1. Dapat i-report nang maagap ang anumang paratang sa paglabag sa disiplina ng isang nakabilanggo sa competent authority na siyang mag-iimbestiga dito nang walang pagkaantala.

2. Dapat ipagbigay-alam sa mga nakabilanggo, nang walang pagkaantala at sa wikang kanilang naiintindihan, ang uri ng mga paratang laban sa kanila at dapat silang mabigyan ng sapat na oras at pamamaraan para sa paghahanda ng kanilang depensa.
3. Dapat pahintulutan ang mga nakabilanggo na personal na depensahan ang kanilang sarili, o sa pamamagitan ng tulong ng abogado kapag kinakailangan upang makuha ang hustisya, lalo na sa mga kaso na kinasasangkutan ng mga seryosong paratang kaugnay sa disiplina. Kung hindi naiintindihan ng o hindi nakapagsasalita ang mga nakabilanggo sa wikang ginagamit sa paglilitis, dapat ay tulongan sila ng competent interpreter nang walang bayad.
4. Dapat magkaroon ang mga nakabilanggo ng pagkakataong humingi ng judicial review ng mga parusang pandisiplina na ipinapataw sa kanila.
5. Kung hinatulan ang isang paglabag sa disiplina bilang isang krimen, karapatan ng mga nakabilanggo ang lahat ng garantiya ng tamang proseso na ipinapatupad sa mga proseso ng paglilitis ng krimen, kabilang ang hindi hinahadlangang access sa isang abogado.

Rule 42

Ang mga pangkalahatang kondisyon ng pamumuhay na tinutugunan ng mga patakaran ito, kabilang ang mga nauugnay sa ilaw, bentilasyon, temperatura, sanitasyon, nutrisyon, tubig na maiinom, access sa open air, at physical exercise, personal hygiene, health-care, at sapat na personal na espasyo ay siyang dapat natatanggap ng lahat ng nakabilanggo nang walang eksepsiyon.

Rule 43

1. Hindi kailanman dapat humantong ang mga paghihigpit o parusang pandisiplina sa torture o iba pang malupit, hindi makatao o nakakababa ng pagkatao na pagtrato o pagpaparusa. Dapat itong ipagbawal lalo na ang mga sumusunod na gawain:
 - [a] Walang katiyakang tagal ng solitary confinement;
 - [b] Matagalang solitary confinement;
 - [c] Paglalagay sa nakabilanggo sa isang madilim o palagiang naiilawang selda;
 - [d] Pagpaparusa sa katawan o pagbawas sa pagkain o inuming tubig ng nakabilanggo;
 - [e] Kolektibong pagpaparusa.
2. Hindi kailanman dapat gamitin ang mga kasangkapang pumipigil sa paggalaw bilang parusa sa mga paglabag sa disiplina.

- Hindi dapat kasama sa mga parusang pandisiplina o mga paghihigpit ang pagbabawal sa pakikipag-ugnayan sa pamilya. Maaari lamang higpitan ang paraan ng pakikipag-ugayan sa pamilya sa loob ng limitadong panahon at kung estriktong kinakailangan para mapanatili ang seguridad at kaayusan.

Rule 44

Para sa layunin ng mga patakarang ito, ang solitary confinement ay tumutukoy sa pagkakakulong ng mga nakabilanggo nang 22 oras o higit pa sa bawat araw nang walang makabuluhang pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Ang prolonged solitary confinement ay dapat ipakahulugan bilang solitary confinement sa loob ng lampas sa 15 magkakasunod na araw.

Rule 45

- Gagamitin lamang ang solitary confinement sa exceptional cases bilang last resort, kung saan ito ay dapat hindi magtatagal hangga't maaari at isasailalim sa independent review, at alinsunod lamang sa awtorisasyon ng isang competent authority. Hindi ito dapat ipataw dahil sa sentensiya ng isang nakabilanggo.
- Dapat ipagbawal ang pagpapataw ng solitary confinement sa sitwasyon kung saan ang mga nakabilanggo ay may mental o physical disabilities kapag palalalain ng naturang paraan ang kanilang kondisyon. Patuloy na ipinapatupad ang pagbabawal sa paggamit ng solitary confinement at mga kahalintulad na paraan sa mga kasong kinasasangkutan ng mga babae at bata, gaya ng nabanggit sa mga pamantayan at tanggap na kagawian ng United Nations pagdating sa crime prevention at criminal justice.²

Rule 46

- Hindi dapat magkaroon ng anumang papel ang health-care personnel sa pagpapataw ng mga parusang pandisiplina o iba pang mga paraan ng paghihigpit. Gayunpaman, dapat nilang pagtuunan ng pansin ang kalusugan ng mga nakabilanggong sumasailalim sa anumang uri ng hindi kusang paghihiwalay, kabilang ang pagbisita sa mga naturang nakabilanggo araw-araw at pagbibigay ng maagap na tulong medikal at treatment kapag hiningi ng mga nakabilanggo o prison staff.
- Dapat i-report ng mga health-care personnel sa prison director, nang walang pagkaantala, ang anumang nakasasamang epekto ng mga parusang pandisiplina o iba pang paraan ng paghihigpit sa physical at mental health ng isang nakabilanggong sumasailalim sa ganoong parusa o pamamaraan, at dapat sabihin ng mga ito sa director kung sa kanilang palagay ay kailangang tapusin o baguhin ang mga pamamaraan para sa physical at mental health.

² Tingnan ang patakaran 67 ng United Nations Rules for the Protection of Juveniles Deprived of their Liberty (resolusyon 45/113, annex); at ang patakaran 22 ng Mga Patakarang ng United Nations para sa United Nations Rules for the Treatment of Women Prisoners and Non-custodial Measures for Women Offenders (the Bangkok Rules) (resolusyon 65/229, annex).

- Dapat ay may kapangyarihan ang mga health-care personnel na suriin at irekomenda ang mga pagbabago sa hindi kusang paghihiwalay ng isang nakabilanggo upang tiyaking hindi palalalain ng naturang paghihiwalay ang medical condition o mental o physical disability ng nakabilanggo.

Mga kasangkapang pumipigil sa paggalaw

Rule 47

- Dapat ipagbawal ang paggamit ng mga kadena, bakal, o ibang kagamitan para sa pagpigil ng galaw na likas na nakabababa ng pagkatao o nakasasakit.
- Dapat gamitin lamang ang mga kagamitan sa pagpigil ng paggalaw kapag pinahihintulutan ng batas at sa mga sumusunod na sitwasyon:
 - Bilang pag-iingat laban sa pagtakas habang inililipat ang nakabilanggo, sa kondisyon na inaalis ang mga ito kapag haharap ang nakabilanggo sa isang judicial o administrative authority;
 - Ayon sa utos ng prison director, kung hindi mabisa ang ibang paraan ng pagpigil, para mahadlangan ang nakabilanggo na masaktan ang kanyang sarili o ang ibang tao o upang walang masirang ari-arian; sa ganitong pagkakataon, dapat kaagad na alertuhin ng prison director ang doktor o iba pang qualified health-care professionals at ipaalam sa isang higher administrative authority.

Rule 48

- Kapag pinahihintulutan ang paggamit ng mga kasangkapang pumipigil sa paggalaw alinsunod sa talata 2 ng patakaran 47, dapat sundin ang mga sumusunod na prinsipyo:
 - Gagamitin lamang ang mga kasangkapang pumipigil sa paggalaw kung walang epektibong mas mababang uri ng pagkontrol para tugunan ang mga nagbabantang panganib mula sa malayang paggalaw;
 - Ang method of restraint ay dapat least intrusive o pinaka-di-mapanghimasok na kinakailangan at makatuwirang magagamit sa pagkontrol sa paggalaw ng nakabilanggo, batay sa antas at uri ng mga nagbabantang panganib;
 - Dapat gamitin lamang ang mga kasangkapang pumipigil sa paggalaw sa kinakailangang tagal, at dapat alisin ang mga ito kaagad hangga't maaari pagkatapos na mawala ang mga nagbabantang panganib na dulot ng malayang paggalaw.
- Hindi kailanman dapat gamitin ang mga kasangkapang pumipigil sa paggalaw sa mga babaeng nasa kalagitnaan ng labor, habang nanganganak, at pagkapanganak.

Rule 49

Dapat sikapin ng prison administration na magkaroon ng access sa, at magbigay ng pagsasanay sa paggamit ng mga pamamaraan sa pagkontrol na makakaiwas sa pangangailangang gumamit ng mga kasangkapang pumipigil sa paggalaw o makababawas sa pagiging mapanghimasok ng mga ito.

Inspeksiyon sa mga nakabilanggo at selda**Rule 50**

Ang mga batas at regulasyong sumasaklaw sa searches o inspeksiyon ng mga nakabilanggo at selda ay dapat alinsunod sa mga obligasyong nasa ilalim ng international law. Dapat isaalang-alang dito ang mga international standards at norms habang isinasaisip ang pangangailangang tiyakin ang seguridad sa bilangguan. Dapat isagawa ang searches sa paraang rumerespeto sa likas na human dignity at privacy ng indibiduwal na sinisiyasat, pati na rin sa mga prinsipyo ng proportionality, legality, at necessity.

Rule 51

Hindi dapat gamitin ang inspeksiyon upang gipitin, takutin, o panghimasukan nang walang dahilan ang privacy ng nakabilanggo. Para sa layuning mag-atas ng pananagutan, dapat magpanatili ang prison administration ng search records, lalo na ang strip at body cavity searches at mga paghahalughog sa mga selda, pati na rin ang mga dahilan, kung sino ang mga nagsagawa, at anumang naging resulta ng searches na ito.

Rule 52

1. Ang intrusive searches, kabilang ang strip o paghuhubad ng kasuotan at body cavity searches o pagsisiyasat sa mga bahagi ng katawan, ay dapat isagawa kung talagang kinakailangan lamang. Dapat hikayatin ang prison administrations na gumawa at gumamit ng mga naaangkop na alternatibo sa intrusive searches. Dapat pribadong isagawa ang intrusive searches ng trained staff na kapareho ng kasarian ng nakabilanggo.
2. Ang mga pagsisiyasat sa bahagi ng katawan ay dapat isagawa lamang ng qualified health-care professionals maliban sa mga taong pangunahing responsable para sa pangangalaga ng nakabilanggo o, kahit papaano, ng staff na sinanay ng medical professional sa mga pamantayan ng hygiene, kalusugan, at kaligtasan.

Rule 53

Dapat magkaroon ang mga nakabilanggo ng access sa, o payagan na manatili sa kanilang pagiingat nang walang access ang prison administration, ang documents na nauugnay sa kanilang paglilitis.

Impormasyon sa at mga reklamo ng mga nakabilanggo**Rule 54**

Pagpasok sa bilangguan, dapat kaagad na mabigyan ang bawat nakabilanggo ng nakasulat na impormasyon tungkol sa:

- [a] Batas sa bilangguan at mga ipinapatupad na regulasyon sa bilangguan;
- [b] Kanyang mga karapatan, kabilang ang mga awtorisadong paraan ng paghingi ng impormasyon, access sa legal advice, kabilang ang legal aid schemes, at mga pamamaraan upang magdulog ng hiling o reklamo;
- [c] Kanyang mga obligasyon, kabilang ang mga karampatang parusang pandisiplina; at
- [d] Lahat ng bagay na kinakailangan para masanay ang nakabilanggo sa buhay sa loob ng bilangguan.

Rule 55

1. Dapat ay nasa pinakakaraniwang ginagamit na wika ang impormasyong tinutukoy sa patakaran 54 alinsunod sa mga pangangailangan ng populasyon ng bilangguan. Kung hindi naiintindihan ng isang nakabilanggo ang alinman sa mga wikang iyon, dapat magbigay ng tulong sa interpretation.
2. Kung hindi marunong bumasa at sumulat ang nakabilanggo, dapat ay ipaalam ang impormasyon sa kanya nang pasalita. Para sa mga nakabilanggo na may sensory disabilities, dapat silang mabigyan ng impormasyon sa paraang naaangkop sa kanilang mga pangangailangan.
3. Dapat ipaskil ng prison administration ang mga buod ng impormasyon sa mga bahagi ng bilangguan kung saan madalas nagtitipon-tipon ang mga nakabilanggo.

Rule 56

1. Dapat ay magkaroon ang bawat nakabilanggo ng pagkakataon bawat araw na magdulog ng mga hiling o reklamo sa prison director o prison staff member na awtorisadong kumatawan sa kanya.
2. Dapat ay posibleng magdulog ng mga hiling o reklamo sa inspektor ng bilangguan sa panahon ng kanyang mga pag-iinspeksiyon. Dapat magkaroon ang nakabilanggo ng pagkakataon na kausapin nang malaya at may full confidentiality ang inspektor o sinumang opisyal na nagsasagawa ng inspeksiyon, nang hindi kasama ang prison director o iba pang staff members.

3. Dapat pahintulutan ang bawat nakabilanggo na magdulog ng hiling o reklamo hinggil sa pagtratong kanyang nararanasan, nang walang pagsesensor sa nilalaman, sa central prison administration at sa judicial o iba pang competent authorities, kabilang ang mga naatasan na magrepasso o may kapangyarihang makapagbigay ng solusyon.
4. Dapat ay nasasakop din ng mga karapatan sa ilalim ng talata 1 hanggang 3 ng patakarang ito ang legal adviser ng nakabilanggo. Sa mga kaso kung saan walang posibilidad na gamitin ng nakabilanggo o ng kanyang legal adviserang mga naturang karapatan, maaari itong gawin ng isang miyembro ng pamilya ng nakabilanggo o ng sinumang may kaalaman tungkol sa kaso.

Rule 57

1. Dapat ay maagap na harapin at tugunan ang bawat hiling o reklamo nang walang pagkaantala. Kung tinanggihan ang hiling o reklamo, o kung may pagkaantala na maaari namang iwasan, may karapatan ang nagrereklamo na idulog ito sa judicial o iba pang awtoridad.
2. Dapat ay may nakalagak na mga pag-iingat para matiyak na ligtas na makapagdudulog ang mga nakabilanggo ng mga hiling o reklamo at, kung hinihiling ng nagrereklamo, gawin ito sa confidential na paraan. Hindi dapat nalalantad ang isang nakabilanggo o ibang tao na tinukoy sa talata 4 ng patakaran 56 sa alinmang panganib ng paghihiganti, pananakot, o iba pang negatibong kahihinatnan bilang resulta ng paghahain ng hiling o reklamo.
3. Dapat harapin kaagad ang mga paratang ng pagpapahirap o iba pang malupit, hindi makatao o nakabababa ng pagkatao na pagtrato o pagpaparusa sa mga nakabilanggo at dapat itong magresulta sa maagap at walang kinikilingang imbestigasyon na isasagawa ng isang independent national authority alinsunod sa mga talata 1 at 2 ng patakaran 71.

Pakikipag-ugnay sa mundo sa labas ng bilanguan

Rule 58

1. Sa ilalim ng kinakailangang superbisyon, dapat ay pahintulutan ang mga nakabilanggo na makipag-ugnay sa kanilang pamilya at mga kaibigan sa mga regular na interbal:
 - [a] Sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan gamit ang pagsulat at, kung mayroon, gamit ang paraang telekomunikasyon, elektroniko, digital, at iba pang paraan; at
 - [b] Sa pagtanggap ng mga pagbisita.

2. Kung pinapayagan ang pagbisita ng asawa, dapat ipatupad ang karapatang ito nang walang diskriminasyon, at dapat ay maaaring mapakinabangan ang karapatang ito ng mga babaeng nakabilanggo nang kapantay ng mga lalaki. Dapat ay may mga tuntuning susundin at may magagamit na mga lugar para matiyak ang patas at pantay-pantay na access na nagpapahalaga sa kanilang kaligtasan at dignidad.

Rule 59

Dapat ipasok ang mga nakabilanggo, hangga't maaari, sa mga bilanguan na malapit sa kanilang tahanan o sa mga lugar ng kanilang social rehabilitation.

Rule 60

1. Nakasalalay ang pagtanggap ng mga bisita sa prison facility sa pahintulot ng mga bisita na sumailalim sa inspeksiyon. Maaaring bawiin ng bisita ang kanyang pahintulot anumang oras, at sa kasong ito ay maaaring tanggihan ng prison administration ang kanyang pagpasok.
2. Hindi dapat nakabababa ng pagkatao ang inspeksiyon at mga tuntuning susundin ng mga bisita sa kanilang pagpasok at dapat ay nasasaklaw ito ng mga prinsipyong hindi bababa sa proteksiyong nakabuod sa mga patakaran 50 hanggang 52. Dapat iwasan ang pagsisiyasat sa mga bahagi ng katawan at hindi dapat ito isasagawa sa mga bata.

Rule 61

1. Dapat bigyan ang mga nakabilanggo ng sapat na pagkakataon, oras, at mga pamamaraan para mabisita, makipag-usap, at kumonsulta sa kanilang pipiliing legal adviser nang walang pagkaantala, paghaharang, o pagsesensor at nang may full confidentiality, sa anumang legal na usapin, alinsunod sa naaangkop na lokal na batas. Puwedeng nakikita ng prison staff ang mga konsultasyon, ngunit hindi nila dapat naririnig ito.
2. Sa mga sitwasyon kung saan hindi nakapagsasalita ang mga nakabilanggo sa lokal na wika, dapat magbigay ng access ang prison administration sa mga serbisyo ng isang independent at competent interpreter.
3. Dapat magkaroon ang mga nakabilanggo ng access sa epektibong legal aid.

Rule 62

1. Dapat ay pahintulutan ang mga banyagang nakabilanggo na magkaroon ng karampatang kaparaanan upang makipag-ugnay sa mga diplomatiko at konsular na kinatawan ng Estado na kanilang kinabibilangan.

2. Ang mga nakabilanggo na kabilang sa mga Estadong walang diplomatiko o konsular na kinatawan sa bansa at ang mga refugee o taong walang estado ay dapat mabigyan ng kaparehong kaparaanan upang makipag-ugnay sa diplomatikong kinatawan ng Estado na nangangasiwa sa kanilang kapakanan o anumang pambansa o internasyonal na awtoridad na naatasang magbigay proteksiyon sa mga naturang tao.

Rule 63

Dapat panatilihin ang napapanahon ang kaalaman ng mga nakabilanggo hinggil sa mas mahahalagang balita sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga diyaryo, periodicals, o special institutional publications, sa pakikinig sa mga wireless na transmisyon, sa mga lektyur, o sa alinmang kaparehong paraan na pinahihintulutan o kinokontrol ng prison administration.

Mga aklat

Rule 64

Dapat ay may silid-aklatan ang bawat bilangguan na magagamit ng lahat ng categories ng mga nakabilanggo, na siyang sapat na naglalaman ng mga aklat na parehong panlibangan at instruksiyonal, at dapat hikayatin ang mga nakabilanggo na lubos na pakinabangan ito.

Relihiyon

Rule 65

1. Kung may sapat na bilang ng mga nakabilanggo na magkakapareho ang relihiyon sa loob ng bilangguan, dapat ay may isang maatasan o maaprubahang qualified representative ng naturang relihiyon. Kung nasa katuwiran ang bilang ng mga nakabilanggo at pinahihintulutan ng mga kondisyon, ang posisyong ito ay dapat maging full-time.
2. Dapat pahintulutan ang isang qualified representative na inatasan o inaprubahan sa ilalim ng talata 1 ng patakarang ito na magsagawa ng regular services at private pastoral visits sa mga nakabilanggo ng kanyang relihiyon sa nararapat na oras.
3. Hindi dapat ipagkait sa sinumang nakabilanggo ang access sa isang qualified representative ng alinmang relihiyon. Sa kabilang dako, kung tututulan ng sinumang nakabilanggo ang pagbisita ng sinumang religious representative, dapat ay respetuhin ang kanyang saloobin.

Rule 66

Hangga't maaari, dapat payagan ang bawat nakabilanggo na tugunan ang kanyang mga pangangailangan sa aspektong panrelihiyon ng kanyang buhay sa pamamagitan ng pagdalo sa mga serbisyong isinasagawa sa bilangguan at ang pagmamay-ari ng mga aklat para sa pagsunod at turo ng relihiyon na angkop sa kanyang denominasyon.

Pagtatabi sa pag-aari ng mga nakabilanggo

Rule 67

1. Ang lahat ng pera, mahahalagang pag-aari, kasuotan, at iba pang kagamitang pagmamay-ari ng nakabilanggo na hindi niya maaaring dalhin sa ilalim ng mga regulasyon ng bilangguan ay dapat mailagay sa ligtas na pangangalaga sa araw na pumasok siya sa bilangguan. Dapat lagdaan ng nakabilanggo ang imbentaryo ng mga kagamitang ito. Isasagawa ang mga kailangang hakbang upang mapanatili ang mga ito sa maayos na kondisyon.
2. Kapag palalayain na ang nakabilanggo, dapat ibalik sa kanya ang lahat ng kagamitan at pera maliban sa perang napahintulutang gastusin o pag-aaring ipinadala sa labas ng bilangguan, o mga kasuotang kinakailangang sirain sa dahilang pangkalinisan. Dapat lagdaan ng nakabilanggo ang isang resibo para sa mga kagamitan at perang ibinalik sa kanya.
3. Ganito rin dapat ang pagtrato sa lahat ng pera o kagamitang natanggap para sa nakabilanggo mula sa labas ng bilangguan.
4. Kung nagdala ang nakabilanggo ng anumang droga o gamot, dapat na magpasya ang doktor o iba pang qualified health-care professionals kung anong paggamitan sa mga ito.

Mga Abiso

Rule 68

Dapat ay may karapatan ang bawat nakabilanggo, at dapat mabigyan siya ng kakayahan at paraan, na abisuhan kaagad ang kanyang pamilya, o sinumang tao na inatasan bilang taong kokontakin, tungkol sa kanyang pagkakabilanggo, tungkol sa kanyang paglipat sa ibang institusyon, at tungkol sa anumang malubhang karamdaman o injury sa katawan. Dapat ay nasasailalim sa lokal na batas ang pagbabahagi ng personal na impormasyon ng nakabilanggo.

Rule 69

Sakaling mamatay ang isang nakabilanggo, dapat abisuhan kaagad ng prison director ang pinakamalapit na kamag-anak ng nakabilanggo o ang kontak nito sa panahon ng emergency. Ang mga indibiduwal na hinirang ng nakabilanggo na siyang tatanggap ng impormasyon tungkol sa kanyang kalusugan ay dapat abisuhan ng prison director tungkol sa malubhang karamdaman, injury sa katawan, o paglipat sa ibang health institutions. Dapat igalang ang malinaw na kahilingan ng isang nakabilanggo na huwag abisuhan ang kanyang asawa o pinakamalapit na kamag-anak kung sakaling magkaroon siya ng karamdaman o injury sa katawan.

Rule 70

Dapat abisuhan kaagad ng prison administration ang isang nakabilanggo tungkol sa malubhang karamdaman o pagkamatay ng isang malapit na kamag-anak o ng kanyang kasintahan o asawa. Depende sa sitwasyon, dapat mapahintulutan ang nakabilanggo na pumunta, nang may bantay o nang mag-isa, sa tabi ng malapit na kamag-anak o ng kanyang kasintahan o asawa na may malubhang karamdaman, o pumunta sa libing nito.

Mga Imbestigasyon**Rule 71**

1. Sa kabila ng pagsisimula ng panloob na imbestigasyon, dapat i-report ng prison director, nang walang pagkaantala, ang anumang pagkamatay, pagkawala, o malubhang injury sa katawan ng sinumang nasa kanilang kustodiya sa isang judicial o iba pang competent authority na independent sa prison administration at naatasang magsagawa ng maagap, walang kinikilingan, at epektibong imbestigasyon sa mga pangyayari at dahilan ng mga ganitong kaso. Dapat ganap na makipagtulungan ang prison administration sa naturang awtoridad at tiyakin na iingatan ang lahat ng ebidensiya.
2. Dapat pantay na ipatupad ang obligasyon sa talata 1 ng patakarang ito kapag may mga makatuwirang dahilan para paniwalaang may naganap sa bilangguan na pagpapahirap o iba pang malupit, hindi makatao, o nakabababa ng pagkataong pagtrato o pagpaparusa, may natanggap mang pormal na reklamo o wala.
3. Sa tuwing may mga makatuwirang dahilan upang maniwala na nangyari ang isang gawaing tinutukoy sa talata 2 ng patakarang ito, dapat magsagawa kaagad ng mga hakbang upang tiyakin na ang lahat ng taong maaaring kasangkot ay walang kaugnayan sa imbestigasyon at walang kakayahang makipag-ugnay sa mga testigo, sa biktima, o sa pamilya ng biktima.

Rule 72

Dapat tratuhin ng prison administration ang katawan ng namatay na nakabilanggo nang may respeto at dignidad. Hangga't maaari, dapat ibalik ang katawan ng namatay na nakabilanggo sa malapit na kamag-anak sa lalong madaling panahon, pagkatapos makumpleto ang imbestigasyon. Dapat isagawa ng prison administration ang naaangkop na paglilibing na naaayon sa kultura ng namatay na nakabilanggo kung walang ibang responsableng partido ang nakahanda o kayang gumawa nito at dapat ay ganap nilang mai-record ang pangyayari.

Pag-alis ng mga nakabilanggo**Rule 73**

1. Kapag inilipat patungo sa o mula sa isang institusyon, dapat limitado ang pagkakalantad ng mga nakabilanggo sa publiko, at dapat ay may angkop na pag-iingat upang protektahan sila mula sa anumang uri ng pang-iinsulto, pag-uusisa, at publisidad.
2. Dapat ipagbawal ang pagbibiyahe sa mga nakabilanggo gamit ang mga sasakyang walang sapat na bentilasyon at natural light, o anumang paraan na makararanas sila ng hindi kinakailangang pisikal na pagpapahirap.
3. Sasagutin ng prison administration ang mga gastusin sa pagbibiyahe sa mga nakabilanggo at ibibigay ang pantay na kondisyon sa kanilang lahat.

Institutional personnel**Rule 74**

1. Dapat paglaanan ng prison administration ang maingat na pagpili sa bawat antas ng personnel, dahil nakasalalay ang wastong pangangasiwa sa bilangguan sa kanilang integridad, pagkamakatao, propesyonal na kakayahan, at personal na kaangkupan sa trabaho.
2. Dapat patuloy na sikapin ng prison administration na gisingin at panatilihin sa kaisipan ng kapwa personnel at publiko ang paniniwala na ang trabahong ito ay mahalagang social service, at dahil dito ay dapat gamitin ang lahat ng naaangkop na pamamaraan upang ipabatid ito sa publiko.
3. Upang matiyak ang mga layuning nabanggit, dapat na maatasan ang personnel na magtatrabaho nang full-time bilang professional prison staff at magtataglay sila ng civil service status na may security of tenure depende lamang sa kabutihang asal, kahusayan, at lakas ng pangangatawan. Dapat ay sapat ang mga suweldo para makaakit at mapanatili ang mga angkop na kalalakihan at kababaihan; dapat nakaengganyo ang mga benepisyo at kondisyon ng pagtatrabaho dahil sa ito ay likas na mahirap at mabigat na gawain.

Rule 75

1. Ang lahat ng prison staff ay dapat na nagtataglay ng sapat na pamantayan sa edukasyon at dapat mabigyan ng kakayahan at paraan na maisagawa ang kanilang tungkulin sa propesyonal na paraan.
2. Bago simulan ang panunungkulan, dapat bigyan ang lahat ng prison staff ng pagsasanay na iniakma sa kanilang pangkalahatan at partikular na mga tungkulin, na dapat sumasalamin sa contemporary at evidence-based best practices sa penal sciences. Tanging ang mga kandidato na matagumpay na makapapasa sa theoretical at practical tests sa pagtatapos ng naturang pagsasanay ang makapapasok sa prison service.
3. Dapat tiyakin ng prison administration ang patuloy na pagbibigay ng in-service training courses na may layuning panatilihin at paghusayin pa ang kaalaman at professional capacity ng personnel nito, pagkatapos pumasok sa panunungkulan at sa kabuuan ng kanilang karera.

Rule 76

1. Dapat na kabilang sa pagsasanay na tinutukoy sa talata 2 ng patakaran 75 ang mga pagsasanay sa:
 - [a] Kaugnay na pambansang lehislyasyon, mga regulasyon, at patakaran, pati na rin ang mga naaangkop na international at regional documents, kung saan ang mga probisyong kalakip nito ang gagabay sa trabaho ng prison staff at kanilang mga pakikipag-ugnayan sa mga nakabilanggo;
 - [b] Mga karapatan at pananagutan ng prison staff sa kanilang pagsasagawa ng kanilang mga tungkulin, kabilang na ang pagrespeto sa dignidad bilang tao ng lahat ng nakabilanggo at ang pagbabawal ng ilang gawain, lalo na ang torture at iba pang malupit, hindi makatao, o nakabababa ng pagkataong pagtrato o pagpaparusa;
 - [c] Seguridad at kaligtasan, kabilang ang konsepto ng dynamic security, ang paggamit ng puwersa at mga kasangkapang pumipigil sa paggalaw, at ang pamamahala sa mararahas na nagkasala, na isinasaalang-alang ang mga technique upang maiwasan o pahupain ang sitwasyon, gaya ng negotiation at mediation;
 - [d] Ang first aid, psychosocial needs ng mga nakabilanggo at ang katumbas na puwersang nagdudulot nito sa mga bilangguan, pati na rin ang social care at assistance, kabilang ang maagang pagtuklas sa mga isyu sa mental health.
2. Ang mga prison staff na siyang nangangasiwa sa ilang categories ng mga nakabilanggo, o ang mga naatasan sa iba pang specialized functions, ay dapat makatanggap ng pagsasanay na may katumbas na focus o pagtuon.

Rule 77

Ang lahat ng prison staff sa lahat ng pagkakataon ay dapat kumilos at isagawa ang kanilang tungkulin bilang mabuting halimbawa at impluwensiya sa mga nakabilanggo at upang makamit ang respeto ng mga ito.

Rule 78

1. Hangga't maaari, dapat kabilang sa prison staff ang sapat na bilang ng mga espesyalista tulad ng psychiatrists, psychologists, social workers, teachers, at trade instructors.
2. Ang services ng social workers, teachers, at trade instructors ay dapat tiyaking permanente, nang hindi ipinasasantabi ang mga part-time o boluntaryong manggagawa.

Rule 79

1. Dapat ay lubos na kuwalipikado ang prison director para sa kanyang gawain ayon sa kanyang pag-uugali, kakayahang administratibo, naaangkop na kasanayan, at karanasan.
2. Dapat gugulin ng prison director ang lahat ng kanyang oras ng pagtatrabaho sa mga opisyal na tungkulin at hindi maaaring part-time lamang ang posisyon. Dapat siyang manirahan sa loob ng bilangguan o sa kalapit na lugar.
3. Kapag dalawa o higit pang bilangguan ang nasa awtoridad ng isang prison director, dapat ay madalas niyang bisitahin ang bawat isa. Dapat ay may responsableng residenteng opisyal na mangangasiwa sa bawat isa sa mga bilangguan ito.

Rule 80

1. Dapat ay marunong magsalita ang prison director, ang kanyang deputy, at ang karamihan sa prison staff ng wikang ginagamit ng pinakamaraming bilang ng nakabilanggo, o sa wika na naiintindihan ng pinakamarami sa kanila.
2. Kapag kinakailangan, dapat ay gamitin ang serbisyo ng competent interpreter.

Rule 81

1. Sa bilangguan para sa parehong lalaki at babae, dapat ay nasa ilalim ng awtoridad ng responsableng babaeng staff member ang bahagi ng bilangguan na inilaan para sa kababaihan. Siya ang mangangalaga sa mga susi sa lahat ng bahaging ito ng bilangguan.
2. Walang lalaking staff member ang dapat makapapasok sa bahagi ng bilangguan na inilaan para sa kababaihan maliban kung sasamahan siya ng isang babaeng staff member.

3. Dapat ay mga babaeng tauhan lamang ang mag-aasikaso at susubaybay sa mga babaeng nakabilanggo. Gayunpaman, hindi nito hinahadlangan ang mga lalaking staff member, lalo na ang mga doktor at guro, na isagawa ag kanilang mga professional duties sa mga bilangguan o sa mga bahagi ng mga bilangguan na inilaan para sa kababaihan.

Rule 82

1. Sa kanilang pakikipag-ugnayan sa mga nakabilanggo, hindi dapat gumamit ng puwersa ang prison staff maliban kung ipinagtatanggol nila ang sarili o sa mga pagkakataon na may nagtatangkang tumakas, o may active o passive physical resistance sa isang utos batay sa batas o mga regulasyon. Ang prison staff na kinakailangang gumamit ng puwersa ay dapat gamitin ito nang hindi hihigit sa pangangailangan at dapat i-report kaagad ang insidente sa prison director.
2. Dapat mabigyan ang prison staff ng special physical training upang makaya nilang pigilan ang mga agresibong nakabilanggo.
3. Maliban sa mga espesyal na sitwasyon, dapat ay hindi armado ang mga prison staff na nagsasagawa ng kanilang mga tungkulin na may kaakibat na direktang kontak sa mga nakabilanggo. Dagdag pa rito, kahit ano pa ang sitwasyon ay hindi dapat binibigyan ng armas ang prison staff maliban kung nagsanay sila sa paggamit ng mga ito.

Panloob at panlabas na mga inspeksiyon

Rule 83

1. Dapat may two-fold system para sa regular na inspeksiyon ng mga bilangguan at penal services:
 - [a] Internal o administrative inspections na isinasagawa ng central prison administration;
 - [b] External inspections na isinasagawa ng isang grupo ng independent sa prison administration, na maaaring kabilangan ng competent international at regional bodies.
2. Sa parehong sitwasyon, layunin ng mga inspeksiyong tiyakin na pinangangasiwaan ang mga bilangguan alinsunod sa mga umiiral na batas, regulasyon, patakaran, at pamamaraan, na may hangaring ipatupad ang mga layunin ng penal at correctional services, at maprotektahan ang mga karapatan ng mga nakabilanggo.

Rule 84

1. Dapat may awtoridad ang mga inspektor na:
 - [a] Makita ang lahat ng impormasyon sa bilang ng mga nakabilanggo at mga lugar at lokasyon ng detensiyon, pati na rin ang lahat ng impormasyong nauugnay sa pagtrato sa mga nakabilanggo, kabilang ang kanilang mga records at kalagayan ng detensiyon;
 - [b] Malayang piliin kung aling bilangguan ang bibisitahin, kabilang ang pagsasagawa ng mga walang pasabing pagbisita sa sarili nilang kusa, at kung sinong mga nakabilanggo ang kakapanayamin;
 - [c] Magsagawa ng private at fully confidential na pakikipanayam sa mga nakabilanggo at prison staff sa kabuuan ng kanilang pagbisita;
 - [d] Magbigay ng mga rekomendasyon sa prison administration at iba pang competent authorities.
2. Ang external inspection teams ay dapat binubuo ng mga qualified at experienced inspectors na inatasan ng competent authority at kinabibilangan ng health-care professionals. Dapat bigyang-pansin ang pagkakaroon ng balanseng kinatawan ayon sa kasarian.

Rule 85

1. Ang bawat inspeksiyon ay dapat sinusundan ng written report na isusumite sa competent authority. Dapat bigyan ng nararapat na konsiderasyon ang pagbubukas sa publiko ng reports ng external inspections, nang hindi kasama ang anumang personal na datos ng mga nakabilanggo maliban kung ibinigay nila ang kanilang malinaw na pahintulot.
2. Dapat ipahiwatig ng prison administration o iba pang competent authority sa loob ng makatuwirang panahon, kung kanilang ipatutupad ang mga rekomendasyong resulta ng external inspection.

II. MGA PATAKARANG MAIPATUTUPAD SA SPECIAL CATEGORIES

A. Mga nasentensiyahang nakabilanggo

Guiding principles

Rule 86

Nilalayong ipakita ng guiding principles ang diwa kung paano dapat pangasiwaan ang penal institutions at ang mga layunin na dapat makamit ng mga ito, alinsunod sa deklarasyong ginawa sa ilalim ng 'Paunang obserbasyon 1' ng mga patakaran ito.

Rule 87

Bago makumpleto ang sentensiya, mabuting gawin ang mga kinakailangang hakbang upang matiyak ang unti-unting pagbabalik ng nakabilanggo sa buhay sa lipunan. Maaaring makamit ang layuning ito, depende sa sitwasyon, sa pamamagitan ng isang pre-release regime na inorganisa sa parehong bilangguan o sa iba pang naaangkop na institusyon, o sa pamamagitan ng release on trial sa ilalim ng isang uri ng superbisyon na hindi dapat ipagkatiwala sa pulisya ngunit dapat may kasamang mabisang social aid.

Rule 88

1. Hindi dapat bigyang-diin ng pagtrato sa mga nakabilanggo ang kanilang pagkakabukod mula sa komunidad kundi sa halip ay ang kanilang patuloy na pagiging bahagi nito. Samakatuwid, dapat kunin ang mga serbisyo ng community agencies kung saan maaari upang tumulong sa prison staff sa kanilang tungkulin na social rehabilitation ng mga nakabilanggo.
2. Dapat ay may mga social worker na konektado sa bawat bilangguan na may tungkuling panatilihin at pagbutihin ang lahat ng kanais-nais na relasyon ng isang nakabilanggo sa kanyang pamilya at sa mahahalagang social agencies. Hangga't naaayon sa batas at sa hatol, dapat gawin ang mga hakbang upang pangalagaan ang mga karapatang nauugnay sa mga kapakanan ng mga ordinaryong mamamayan, mga karapatan sa social security at iba pang mga social benefits ng mga nakabilanggo.

Rule 89

1. Upang maisakatuparan ang mga prinsipyong ito, kailangan ang indibiduwalisasyon ng pagtratong natatanggap at para sa layuning ito, kailangan ang flexible na sistema ng pagka-classify o paggugrupo-grupo sa mga nakabilanggo. Samakatuwid, dapat ay paghiwa-hiwalayin ang mga naturang pangkat sa bilangguan naaangkop para sa pagtrato sa bawat grupo.
2. Hindi kailangang magbigay ang mga bilangguan ito ng parehong antas ng seguridad para sa bawat grupo. Mas mabuting magbigay ng magkakaibang antas ng seguridad ayon sa mga pangangailangan ng iba't-ibang grupo. Ang mga bukas na bilangguan ang nagbibigay ng mga kondisyong pinakapumapabor sa rehabilitasyon ng mga maingat na piniling nakabilanggo dahil hindi ito nagbibigay ng physical security laban sa pagtakas ngunit umaasa sa pansariling disiplina ng mga nakabilanggo.
3. Hindi dapat masyadong malaki ang bilang ng mga nakabilanggo sa mga saradong bilangguan na siyang humahadlang sa indibiduwalisasyon ng natatanggap na pagtrato. Sa ilang bansa, pinaniniwalaan na hindi dapat lumampas sa 500 ang populasyon ng mga ganoong bilangguan. Sa mga bukas na bilangguan, ang populasyon ay dapat mas maliit hangga't maaari.

4. Sa kabilang banda, hindi magandang mangalaga ng mga bilangguan sobrang liit na hindi nito kayang maibigay ang mga angkop na pasilidad.

Rule 90

Hindi nagtatapos sa pagpapalaya sa nakabilanggo ang tungkulin ng lipunan. Samakatuwid, dapat ay may government o private agencies na kayang magkaloob sa pinalayang nakabilanggo ng mahusay na pangangalaga na nakatuon sa pagbabawas ng diskriminasyon laban sa kanya at sa pagsulong ng kanyang social rehabilitation.

Pagtrato**Rule 91**

Ang layunin ng pagtrato sa mga taong nasentensiyahan ng pagkakabilanggo o iba pang katulad na parusa, depende sa tagal ng sentensiya, ay ang patibayin ang kagustuhan ng mga nakabilanggo na maging law-abiding at self-supporting matapos silang lumaya at ang matulungan silang makamit ito. Ang pagtratong gagawin sa mga nakabilanggo ay dapat makapaghikayat ng kanilang respeto sa sarili at makapagpaunlad sa kanilang sense of responsibility.

Rule 92

1. Para maisakatuparan ito, dapat gamitin ang lahat ng naaangkop na paraan, kabilang ang panrelihiyong pangangalaga sa mga bansa kung saan posible ito ; edukasyon, vocational guidance at training, social casework, employment counselling, physical development at pagpapalakas sa kanilang moral character, alinsunod sa individual needs ng bawat nakabilanggo ; na isinasaalang-alang ang kanilang social at criminal history, physical at mental capacities at aptitudes, personal na pag-uugali, ang itatagal ng kanyang sentensiya, at mga plano nito matapos lumaya.
2. Para sa bawat nakabilanggong may akma tagal ng sentensiya, dapat matanggap ng prison director ang kumpletong reports sa lahat ng usaping tinutukoy sa talata 1 ng patakarang ito pagkatapos ng admission ng nakabilanggo. Dapat palaging kasama sa mga naturang report ang report ng doktor o iba pang qualified health-care professionals tungkol sa kondisyon ng katawan at pag-iisip ng nakabilanggo.
3. Dapat ilagay ang reports at iba pang relevant documents sa isang indibiduwal na file. Dapat panatilihin up-to-date at confidential ang file na ito sa paraang makokonsulta ito ng mga responsableng personnel sa tuwing kinakailangan.

Klasipikasyon at indibiduwalisasyon

Rule 93

1. Ang mga layunin ng klasipikasyon ay:

- [a] Ihiwalay mula sa ibang nakabilanggo na ayon sa criminal record o pag-uugali ay maaaring magdulot ng masamang impluwensiya;
 - [b] Hatiin ang mga nakabilanggo sa iba't-ibang klase o grupo upang maisagawa nang maayos ang treatment sa kanila na may layuning ganap ang kanilang maging social rehabilitation.
2. Hangga't maaari, hiwalay na bilangguan o magkakahiwalay na sections ng bilangguan ang gagamitin para hatiin ang mga bilanggo sa iba't ibang klase o grupo.

Rule 94

Kaagad matapos pumasok at pagkatapos mapag-aralan ang personalidad ng bawat nakabilanggong may sapat na tagal ng sentensiya, dapat ay may ihahandang treatment program batay sa nakuhang kaalaman tungkol sa individual needs, kapasidad, at disposisyon.

Mga pribilehiyo

Rule 95

Itatag sa bawat bilangguan ang systems of privileges na naaangkop sa iba't ibang klase ng nakabilanggo at iba't ibang paraan ng treatment; at ito ay upang mahikayat sa kanila ang good conduct, sense of responsibility, at upang makuha ang interes at kooperasyon ng mga nakabilanggo sa kanilang treatment.

Trabaho

Rule 96

1. Dapat magkaroon ang mga nasentensiyahang nakabilanggo ng pagkakataon na magtrabaho at/o aktibong makibahagi sa kanilang rehabilitasyon, nang naaayon sa pasya ng doktor o iba pang qualified health-care professionals kung angkop ang lakas ng kanilang katawan at pag-iisip.
2. Dapat ipagkaloob ang sapat na trabahong likas na nakatutulong upang manatiling aktibong nagtatrabaho ang mga nakabilanggo sa karaniwang araw ng trabaho.

Rule 97

1. Kailangang hindi nagpapahirap o nakapananakit ang trabaho sa bilangguan.
2. Hindi dapat gawing alipin ang mga nakabilanggo.

3. Walang sinumang nakabilanggo ang dapat obligahing magtrabaho para sa personal o pribadong pakinabang ng sinumang prison staff.

Rule 98

1. Hangga't maaari, dapat makatulong ang ipinagagawang trabaho sa pagpapanatili o pagpapahusay sa kakayahan ng mga nakabilanggo na maghanap-buhay nang marangal matapos mapalaya.
2. Dapat ipagkaloob ang vocational training sa mga kapaki-pakinabang na kakayahan para sa mga nakabilanggong makikinabang mula dito at lalo na sa mga nakabilanggong menor-de-edad.
3. Dapat mapipili ng mga nakabilanggo ang uri ng trabaho na gusto nilang gawin, nang hindi lumalampas sa mga limitasyong ayon sa wastong pagpili ng bokasyon at sa mga inaatas ng pangangasiwa at disiplina sa institusyon.

Rule 99

1. Hangga't maaari, ang pagkakaayos at mga paraan ng trabaho sa mga bilangguan ay dapat kahalintulad ng mga kaparehong trabaho sa labas ng mga bilangguan, upang ihanda ang mga nakabilanggo para sa mga kondisyon ng normal na buhay sa trabaho.
2. Gayunpaman, ang mga kapakanan ng mga nakabilanggo at ang kanilang vocational training ay hindi dapat pumapangalawa lamang sa layuning kumita ng pera mula sa isang industriya sa bilangguan.

Rule 100

1. Kung maaari, dapat patakbuhin mismo ng prison administration at hindi ng private contractors ang mga institusyonal na industriya at sakahan.
2. Kung nagtatrabaho ang mga nakabilanggo ng trabahong hindi kinokontrol ng prison administration, dapat palagi silang nasa superbisyon ng prison staff. Maliban kung ang trabaho ay para sa ibang departamento ng pamahalaan, dapat magbayad ang mga taong pinaglingkuran ng kumpletong karaniwang sahod para sa naturang trabaho sa prison administration, nang isinasaalang-alang ang mga natapos gawin ng mga nakabilanggo.

Rule 101

1. Dapat ipatupad din nang pantay-pantay sa mga bilangguan ang mga pag-iingat na itinakda upang protektahan ang kaligtasan at kalusugan ng mga malayang manggagawa.
2. Dapat magkaroon ng mga probisyon upang mabayaran ang mga nakabilanggo para sa injuries na natamo habang nagtatrabaho sa industriya, kabilang ang karamdamang idinulot ng pagtatrabaho, sa mga kondisyong kapareho ng mga ipinagkakaloob ng batas sa malalayang manggagawa.

Rule 102

1. Dapat itakda ng batas o ng administratibong regulasyon ang pinakamatagal na oras ng pagtatrabaho ng mga nakabilanggo sa kada araw at kada linggo, nang isinasalang-alang ang mga lokal na patakaran o kaugalian hinggil sa pagtatrabaho ng malalayang manggagawa.
2. Sa pagtatakda ng mga oras, dapat ay may isang araw ng pahinga sa bawat linggo at sapat na oras para sa edukasyon at iba pang aktibidad na kinakailangan bilang bahagi ng treatment at rehabilitation ng mga nakabilanggo.

Rule 103

1. Dapat magkaroon ng sistema para sa pantay-pantay na kabayaran ng trabaho ng mga nakabilanggo.
2. Sa ilalim ng sistema, dapat payagan ang mga nakabilanggo na gastusin ang bahagi ng kanilang kita para sa mga aprubadong kagamitan para sa kanilang sarili at ipadala ang bahagi ng kanilang kita sa kanilang pamilya.
3. Dapat ding iatas ng sistema na itabi ng prison administration ang bahagi ng kita upang magkaroon ng ipon na ibibigay sa nakabilanggo sa panahon ng kanyang paglaya.

Edukasyon at paglilibang**Rule 104**

1. Dapat ay mabigyan ng karagdagang edukasyon ang lahat ng nakabilanggo na maaaring makinabang dito, kabilang ang pagtuturo ng relihiyon sa mga bansa kung saan posible ito. Ang edukasyon para sa mga nakabilanggong hindi marunong sumulat at bumasa at sa mga menor de-edad ay dapat gawing mandatoryo at dapat pagtuunan ito ng espesyal na atensiyon ng prison administration.
2. Hangga't maaari, dapat ay kabilang ang edukasyon ng mga nakabilanggo sa sistema ng edukasyon ng bansa upang madali nilang maipagpapatuloy ang kanilang edukasyon matapos silang makalaya.

Rule 105

Dapat ay mayroong mga aktibidad para sa paglilibang at pangkultura sa lahat ng bilangguan para sa pagpapabuti ng kalusugan ng isipan at katawan ng mga nakabilanggo.

Social relations at pangangalaga matapos makalaya**Rule 106**

Dapat pagtuunan ng special attention ang maintenance at improvement ang relasyon sa pagitan ng nakabilanggo at ng kanyang pamilya kung makabubuti ito para sa kapakanan ng parehong partido.

Rule 107

Mula sa umpisa ng sentensiya ng nakabilanggo, dapat ay isaalang-alang ang kanyang kinabukasan pagkatapos makalaya at dapat siyang hikayatin at bigyan ng tulong upang kanyang panatilihin o paigtingin ang mga naturang ugnayan sa mga tao o ahensiya sa labas ng bilangguan na maaaring magsulong sa rehabilitasyon ng nakabilanggo at makabuti sa kapakanan ng kanyang pamilya.

Rule 108

1. Hanggang sa maaari at kinakailangan, dapat siguraduhin ng mga serbisyo at ahensiya na tumutulong ihanda ang mga pinalayang nakabilanggo para sa muling pakisalamuha sa lipunan, bahagi man ito ng pamahalaan o hindi, na nabibigyan ang mga pinalalayang nakabilanggo ng appropriate documents at identification papers, na may naaangkop silang tahanan at trabahong pupuntahan, na may sapat silang kasuotang naaangkop sa klima at panahon, at may sapat silang salapi upang makarating sa kanilang destinasyon at masuportahan ang kanilang sarili sa panahon matapos nilang makalaya.
2. Dapat magkaroon ang mga naaprubahang kinatawan ng mga naturang ahensiya ng lahat ng kinakailangang access sa bilangguan at sa mga nakabilanggo at dapat silang makonsulta tungkol sa kinabukasan ng isang nakabilanggo magmula sa umpisa ng kanyang sentensiya.
3. Mas mabuting sentralisado o koordinado hangga't maaari ang mga aktibidad ng mga naturang ahensiya upang matiyak ang pinakamabuting gamit ng kanilang mga serbisyo.

B. Mga nakabilanggong may mental disabilities at/o health conditions**Rule 109**

1. Ang mga taong natuklasang walang kriminal na pananagutan, o sa kalaunan ay na-diagnose na may malubhang mental disabilities at/o health conditions kung saan mas lumalala ito sa kanilang pagkakakulong, ay hindi dapat makulong sa mga bilangguan at dapat ihanda ang kanilang paglipat sa mental health facilities sa lalong madaling panahon.

2. Kung kinakailangan, maaaring obserbahan ang ibang nakabilanggong may mental disabilities at/o health conditions at gamutin sila sa specialized facilities sa ilalim ng pagsubaybay ng mga qualified health-care professionals.
3. Dapat ay mapaglaanan ng health-care service ang psychiatric treatment para sa lahat ng nakabilanggo na nangangailangan ng ganitong panggagamot.

Rule 110

Mabuting isagawa na ang mga hakbang, sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga naaangkop na ahensiya, upang matiyak kung kinakailangan ang pagpapatuloy ng psychiatric treatment pagkatapos makalaya at ang pagbibigay ng social-psychiatric aftercare.

C. Mga nakabilanggong inaresto o naghihintay ng paglilitis

Rule 111

1. Ang mga taong naaresto o nakabilanggo dahil sa kriminal na paratang laban sa kanila, na nakakulong sa kustodiya ng pulisya o ng bilangguan (kulungan) ngunit hindi pa nalilitis at nasesentensiyahan, ay tinutukoy mula sa mga patakarang ito bilang “untried prisoners” o mga hindi pa nalilitis na nakabilanggo.
2. Ipinapalagay na inosente ang mga hindi pa nahahatulang nakabilanggo at dapat silang tratuhin nang nararapat.
3. Dapat makinabang ang mga nakabilanggong ito mula sa special regime na makikitang inilalarawan sa sumusunod na mga patakaran ang mahahalagang kondisyon, nang hindi isinasantabi ang mga legal na patakaran para sa proteksiyon ng indibiduwal na kalayaan o pagtatakda ng pamamaraan na kailangang sundin para sa untried prisoners.

Rule 112

1. Dapat ihiwalay ang mga hindi pa nalilitis na nakabilanggo sa mga nahatulang nakabilanggo.
2. Dapat ihiwalay ang mga hindi pa nalilitis na menor-de-edad na nakabilanggo mula sa mga nasa hustong gulang, at sa pangkalahatan ay dapat silang makulong sa magkahiwalay na institusyon.

Rule 113

Dapat matulog ang mga hindi pa nalilitis na nakabilanggo nang mag-isa sa hiwalay na silid, nang isinasaalang-alang ang iba't ibang lokal na kaugalian kaugnay ng klima.

Rule 114

Sa loob ng mga limitasyong naaayon sa mabuting kaayusan ng institusyon, kung kanilang nanaisin, maaaring bumili ang mga hindi pa nalilitis na nakabilanggo gamit ang sarili nilang pera ng kanilang makakain mula sa labas ng bilangguan, sa pamamagitan ng pangasiwaan o ng kanilang pamilya o mga kaibigan. Kung hindi, dapat maghanda ang pangasiwaan ng kanilang pagkain.

Rule 115

Dapat payagan ang hindi pa nalilitis na nakabilanggo na magsuot ng kanyang sariling damit kung malinis at naaangkop ito. Kung gagamit siya ng damit ng bilangguan, dapat naiiba ito sa ibinibigay sa mga nahatulang nakabilanggo.

Rule 116

Dapat palaging alukin ang mga hindi pa nalilitis na nakabilanggo ng pagkakataong magtrabaho, ngunit hindi siya mandatoryong magtrabaho. Kung pipiliin niyang magtrabaho, dapat siyang bayaran para dito.

Rule 117

Dapat payagan ang hindi pa nalilitis na nakabilanggo na bumili gamit ang sarili niyang pera o pera ng isang third party ng mga kagamitan tulad ng aklat, diyaryo, mga kasangkapang panulat, at iba pang mga paraang pampalipas-oras na naaayon sa kapakanan ng pagpapatupad ng katarungan at sa seguridad at mabuting kaayusan ng institusyon.

Rule 118

Dapat pahintulutan ang hindi pa nalilitis na nakabilanggo na mabisita at gamutin ng kanyang sariling doktor o dentista kung may makatuwirang dahilan para gawin ito at may kakayahan siyang bayaran ang anumang magagastos.

Rule 119

1. May karapatan ang bawat nakabilanggong hindi pa nalilitis na maagap na maabisuhan tungkol sa mga dahilan para sa kanyang pagkakakulong at mga detalye hinggil sa anumang paratang na inihain laban sa kanya.
2. Kung walang piniling legal adviser ang hindi pa nalilitis na nakabilanggo, dapat ay may karapatan siyang magkaroon ng legal adviser na itinalaga sa kanya ng judicial o iba pang awtoridad. Mandatoryo ito sa interes ng hustisya sa lahat ng pagkakataon at hindi na ito kailangang bayaran ng hindi pa nalilitis na nakabilanggo kung wala siyang sapat na pamamaraan upang magbayad. Agad na dapat sumailalim sa independent review ang pagtanggig sa pagbibigay ng access sa legal adviser.

Rule 120

1. Ang entitlements at modalities na sumasaklaw sa access ng hindi pa nalilitis na nakabilanggo sa kanyang legal adviser o legal aid provider para sa layunin ng kanyang depensa ay dapat nasasakop ng mga parehong tuntunin na ibinalangkas sa patakaran 61.
2. Kapag kanyang hiniling, dapat mabigyan ang hindi pa nalilitis na nakabilanggo ng mga gamit sa pagsusulat para sa paghahanda ng documents kaugnay ng kanyang depensa, kabilang ang confidential instructions para sa kanyang legal adviser o legal aid provider.

D. Mga nakabilanggong sibil**Rule 121**

Sa mga bansa kung saan pinahihintulutan ng batas ang pagkakakulong dahil sa utang, o ayon sa utos ng korteng nagpoproseso sa hindi kriminal na pagkakasala, hindi dapat sumailalim ang mga taong nakulong dahil dito sa alinmang mas mahigpit o mas matinding restriksiyon kaysa sa kinakailangan upang matiyak ang ligtas na kustodiya at maayos na kalagayan. Hindi dapat mas mahigpit ang pagtrato sa kanila kumpara sa mga hindi pa nalilitis na nakabilanggo, gayunpaman ay may pasubali na maaaring obligado silang magtrabaho.

E. Mga taong inaresto o ikinulong nang walang paratang**Rule 122**

Ang mga taong inaresto o ikinulong nang walang paratang ay dapat mabigyan ng parehong proteksiyon gaya ng iniukol sa una at ikalawang bahagi, section C ng mga patakarang ito, nang hindi isinasantabi ang mga probisyon ng artikulo 9 ng Pandaigdigang Kasunduan sa mga Sibil at Pulitikal na Karapatan (International Covenant on Civil and Political Rights).³

Dapat naipatutupad din ang mga naaangkop na probisyon sa Part II, section A, ng mga patakarang ito kung saan maaaring makatulong ang pagpapatupad nito para sa kapakanan ng espesyal na grupo ng mga taong nasa kustodiya, sa kondisyon na walang dapat gawing hakbang na magpapahiwatig na naaangkop sa anumang paraan ang muling pag-aaral o rehabilitasyon ng mga taong hindi pa nahahatulan ng anumang kriminal na pagkakasala.

³ See resolution 2200 A (XXI), annex.

